# PAGSAALANG-ALANG SA MGA BENTAHE AT DISBENTAHE

3
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN


- Panimula
- Balikan ang Karera ng Dalawang Paa
- Gamitin ang Timbangan
- Pagsamahin Lahat
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante


## MGA LAYUNIN

Maaalala at babalikan ng mga estudyante ang proseso ng paglutas ng problema.

Matutukoy ng mga estudyante ang mga paraan para tasahin ang bentahe at disbentahe ng iba't ibang opsyon.

Maglilista ang mga estudyante ng mga bentahe at disbentahe at isasaalang-alang ang mga opsyon para pumili ng pinakamahusay na solusyon sa mga problema.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Listahan ng mga opsyon mula sa nakaraang aralin (Bahagi I)
- Mga kopya ng activity sheet na "Paano Ko Gagawin Ito?" para sa mga estudyante na maaaring lumiban noong nakaraang aralin (Bahagi III)
- Isang kopya ng activity sheet na "Humanap ng mga Solusyon" para sa bawat estudyante (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Ipakita ang isang palaisipan na lulutasin ng mga estudyante. Sabihin na, “Noong nakaraang lingo ay bumili ako ng bagong coat at sumbrero, at nagbayad ako ng kabuuang $150. Ang coat ay mas mahal ng $100 kaysa sumbrero. Magkano ang halaga ng sumbrero?” Bigyan ng isang minuto ang mga estudyante para magtulungan at maisip ang solusyon. (Dapat sabihin ng mga estudyante na ang coat ay nagkakahalaga ng $125 at ang sumbrero ay nagkakahalaga ng $25.)

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag nila bakit ang sumbrero ay hindi maaaring magkahalaga ng $50. (Dapat sabihin ng mga estudyante na kung ang sumbrero ay $50, ang halaga ng coat ay $100— ito ay higit na nagkakahalaga lang ng $50 kaysa sa sumbrero.) Ipaliwanag sa mga estudyante na marahil kailangan nilang gumawa ng ilang kombinasyon bago nila nalaman ang tamang kombinasyon. Sabihin sa mga estudyante na karamihan sa mga problema ay nangangailangan ng pag-iisip, tulad ng palaisipan na ito. Ipaliwanag sa mga estudyante na sa araling ito ay patuloy nilang pag-uusapan kung paano lutasin ang mga mahihirap na problema.

# Bahagi I: Balikan ang Karera ng Dalawang Paa

10 Minuto

Layunin: Aalalahanin at babalikan ng mga estudyante ang proseso ng paglutas ng problema.

**1. Babalikan ng mga estudyante ang karera mula sa nakaraang aralin.**

Sabihin sa mga estudyante na balikan ang karera mula sa nakaraang aralin. Kung kinakailangan, gamitin ang mga tanong tulad ng mga sumusunod para himukin ang kanilang isipan at gabayan ang talakayan:

- Ano ang problemang kailangang lutasin para matagumpay na makumpleto ang karera?
- Paano nilutas ng nanalong grupo ang problema?

- May iba bang pamamaraan o opsyon na isinaalang-alang? Kung mayroon, ano ang mga ito?

Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. Mabilis na tingnan ang iyong mga listahan ng opsyon mula sa nakaraang aralin at ipaalala sa mga estudyante na idagdag ang mga bagay na hindi pa nababanggit. Sabihin sa mga estudyante na tukuyin nila ang naiisip nilang pinakamahusay na solusyon sa problema.

**2. Babalikan ng mga estudyante ang proseso ng paglutas ng problema.**

Talakayin ang bawat opsyon. Sabihin sa mga estudyante na magbigay ng mga dahilan kung bakit nila pinili ang isang opsyon kaysa sa isa pang opsyon. Ipunto na nagawa nila ang pinakamahalagang hakbang sa proseso ng paglutas ng problema—isinaalang-alang nila ang mga bentahe at disbentahe ng bawat opsyon bago tukuyin ang isang mananalong solusyon.

Ipalista sa mga estudyante ang mga hakbang sa paggawa ng desisyon at proseso ng paglutas ng problema, na naalala nila sa nakaraang aralin. Dapat ilista ng mga estudyante ang mga sumusunod:

1. Mangalap ng impormasyon.
2. Alamin ang maraming pagpipilian hangga't maaari.
3. Pagtimbang-timbangin ang mga bentahe at disbentahe ng bawat pagpipilian.
4. Gumawa ng desisyon.

Bilugan ang bilang tatlo at apat sa pisara, at sabihin sa mga estudyante na pagtutuonan nila ng pansin ang mga hakbang na ito sa nalalabing panahon ng aralin.

# Bahagi II: Gamitin ang Timbangan 15 Minuto

Layunin: Tutukuyin ng mga estudyante ang mga paraan para tasahin ang bentahe at disbentahe ng iba't ibang opsyon.

**1. Babalikan ng mga estudyante ang kanilang nalalaman tungkol sa bentahe at disbentahe.**

Isulat ang sumusunod na salita at simbolo sa pisara: “bentahe +” at “disbentate –.” Sabihin sa mga estudyante na bigyang kahulugan ang “bentahe” at “disbentahe.” (Maaaring sumagot ang mga mga estudyante ng: ang bentahe ay mga positibong salik o dahilan na pabor sa isang bagay; ang disbentahe ay mga negatibong salik o dahilan na salungat sa isang bagay.)

Talakayin kung bakit mahalaga na isaalang-alang ang mga bentahe at disbentahe para sa mga opsyon. Kung kinakailangan, ipaalala sa mga estudyante na kapag isinaalang-alang nila ang mga bentahe at disbentahe ng mga opsyon; ipinaghahambing nila ang mga opsyon para matukoy ang kanilang positibo at negatibong aspeto.

**2. Magkasamang iisipin ng mga estudyante ang mga bentahe at disbentahe.**

Banggitin ang listahan ng mga opsyon na nasa pisara at sabihin sa mga estudyante na magbigay ng positibo at negatibong aspeto para sa bawat isa. Pagkatapos ng bawat mungkahi, tanungin ang mga estudyante kung may naiisip pa silang iba. Bilangin ang mga bentahe at disbentahe na minungkahi gamit ang mga simbolong + at - pagkatapos ng bawat opsyon. Halimbawa, habang pinaguusapan ang opsyon na ang mga kaklase ay tatayo sa paa ng kanilang kasama habang naglalakad sa klase, maaari mong markahan ng dalawang (+) na simbolo upang ipakita ang mga bentahe gaya ng mga sumusunod:

- Ito ay tutugon sa patakaran ng karera.
- Ito ay maaaring nakakahamong gawin o masayang subukan.

Maaaring magmarka ka ng apat na simbolong – para kumatawan sa mga simusunod na disbentahe:

- Magiging mahirap na makadaan sa buong kuwarto nang mabilis.
- Magiging mahirap para sa mga magkakagrupo na panatilihin ang kanilang balanse.
- Maaari itong makasakit sa kagrupo na tinatayuan ng paa.
- Malamang na matalo ang grupo sa karera.

**3. Susuriin ng mga estudyante ang mga bentahe at disbentahe.**

Kapag nakumpleto na ang iyong listahan, sabihin sa mga estudyante na tukuyin ang opsyon na may pinakamaraming bentahe at pinakakaunting disbentahe. (Ang mananalong opsyon ay malamang ang opsyon na isang estudyante lang ang tatawid sa sahig, dahil ito ay malamang na walang – na simbolo.)

Sabihin na sa kasong ito, madaling tukuyin ang mga bentahe at disbentahe. Ipaliwanag na minsan mas mahirap ang problema at mahirap lutasin dahil ang mga opsyon ay hindi madaling matukoy at ang mga bentahe at disbentahe dahil hindi ito halata. Tanungin ang mga estudyante kung ano ang maaari nilang gawin sa sitwasyong ito. (Maaaring sumagot ang mga estudyante ng: humingi ng tulong sa isang tao na nakaranas ng ganitong problema, komunsulta sa isang pinagkakatiwalang adulto.)

# Bahagi III: Pagsamahin Lahat 20 Minuto

Layunin: Maglilista ang mga estudyante ng mga bentahe at disbentahe at isasaalang-alang ang mga opsyon upang pumili ng pinakamahusay na solusyon sa mga problema.

**1. Babalikan ng mga estudyante ang kanilang listahan ng mga opsyon.**

Ipalabas sa mga estudyante ang kanilang sinagutang activity sheet na “Paano Ko Gagawin Ito?” mula sa naklaraang aralin. Ipagpares ang mga estudyanteng lumiban sa klase sa mga estudyanteng nasagutan ang activity sheet.

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang mga problema at opsyon na kanilang inilista sa activity sheet. Sabihin sa kanila na lagyan ng ekis ang anumang opsyon na lubos na hindi makatotohanan.

**2. Magsusulat ang mga estudyante ng mga bentahe at disbentahe.**

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na “Humanap ng mga Solusyon”. Ipaliwanag sa mga estudyante na gagamitin nila ang activity sheet na ito upang isulat ang mga dahilan na sumusuporta o kumokontra sa mga opsyon na inilista nila sa activity sheet na “Paano Ko Ito Gagawin?”.

Sabihin sa mga estudyante na maglista ng mga dahilan na sumusuporta o kumokontra sa kanilang mga opsyon sa parehong problema. Ituro ang hanay kung saan dapat sila magmarka ng simbolong + kung ang dahilan ay isang bentahe at simbolong – kung ang dahilan ay isang disbentahe. Ipaalala sa mga estudyante na isaalang-alang ang mga opsyon sa pamamagitan ng pagbibilang ng mga simbolong + at –, at pagkatapos ay bilugan ang pinakamahusay na solusyon para sa bawat problema.

Umikot sa mga estudyante habang ginagawa nila ang kanilang gawain. Magbigay ng mga mungkahi at tulong kung kinakailangan.

**3. Ibabahagi ng mga estudyante ang mga solusyon.**

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang solusyon sa unang problema. Kung kaya pa ng oras, hikayatin sila na suriin paano sila humantong sa desisyong ito o bakit nagdesisyon sila laban sa isa pang opsyon.

Sabihin sa mga estudyante na ibahagi ang kanilang solusyon sa ikalawang problema. Ipatukoy sa kanila ang pinakamalaking balakid na kailangan nilang malampasan para makahanap ng solusyon. Tanungin ang mga estudyante kung nakatulong sa kanila ang pagsasaalang-alang ng mga bentahe at disbentahe upang humantong sa isang solusyon na sa palagay nila ay magdudulot ng magandang resulta.

## Konklusyon 2 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na ipaliwanag kung bakit nakakatulong sa paglutas ng mga mahihirap na problema ang pagsasaalang-alang ng mga bentahe at disbentahe. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Kapag nilulutas ang mga mahihirap na problema, gumawa ng listahan ng mga opsyon mo.
- Bigyan sila ng oras na pag-isipan ang mga bentahe at disbentahe sa bawat opsyon, at pagkatapos ay paghambingin ito bago magdesisyon kung ano ang pinakamahusay na solusyon.

## Pagtatasa sa Estudyante

1. Paano makatutulong sa iyo ang pagsusulat ng listahan ng bentahe/disbentahe para makapagdesisyon?
2. Isipin ang isang problema na kasalukuyang mong hinaharap, at magsulat ng limang opsyon na mayroon ka para malutas ito. Magsulat ng listahan ng bentahe/disbentahe para sa bawat isa sa limang opsyon. Sa dulo ng bawat listahan ng bentahe/disbentahe, ipakita kung aling opsyon ang gagawin mo.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang taong sumusunod sa payo ng lahat ay magkakaroon ng baluktot na bahay.”

Talakayin ang sipi na ito sa klase. Imbitahan ang mga estudyante na gumuhit ng isang larawan na halaw mula sa sipi sa itaas. Hikayatin ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang iginuhit sa klase.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng isang plano para sa isang parke sa komunidad na binigyan lamang ng limitadong espasyo.

Ipalarawan sa mga estudyante ang mga bentahe at disbentahe ng parke, ang lokasyon nito, at ang plano ng pagkakaayos nito.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Hayaang mag-isip ang mga estudyante ng isang problema na walang madaling solusyon. Hayaan silang gumawa ng listahan ng mga opsyon para sa paglutas ng problemang ito.

Talakayin kung ano ang dapat gawin ng mga estudyante base sa kanilang listahan. Tanungin ang mga estudyante kung sa palagay nila ay maaari nilang pagkatiwalaan ang kanilang listahan.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Pumili ng isang kasalukuyang kontrobersyal na balita. Sabihin sa mga estudyante na sundan ang istorya sa pamamagitan ng panonood, pakikinig, o pagbabasa ng balita sa loob ng isang linggo.

Ipalista at ipahambing sa mga estudyante ang mga bentahe at disbentahe ng bawat isang pananaw tungkol sa istoryang ito. Ipabahagi ang kanilang mga ginawa sa maliliit na grupo.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na kapanayamin ang mga manggagawa tungkol sa bentahe at disbentahe ng kanilang trabaho.

Ipatalakay sa mga estudyante ang bentahe at disbentahe ng bawat trabaho at tukuyin ang mga trabaho na pinakagusto nila.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Ipabasa sa mga estudyante ang *Real Friends vs. the Other Kind (Middle School Confidential)* ni Annie Fox.

Talakayin ang mga katangian na dapat taglayin ng isang tunay na kaibigan. Hatiin ang mga estudyante sa ilang grupo at italaga sa bawat grupo ang isang karakter mula sa libro. Hayaang gumawa ang grupo ng listahan ng bentahe at disbentahe sa mga ugnayan ng kanilang karakter. Talakayin kung paano nakakatulong sa tunay na buhay ang pagtatasa sa pagkakaibigan.